Mga bagay na dapat malaman tungkol sa Light Vehicle Tax Payment Notification.

Ang Tax for Light Vehicle Notice na ito ay para sa mga may nagmamay-ari ng Light Vehicle o maliliit na sasakyan na kinakailangang bayaran sa Ika 1 ng Abril sa kasalukuyan.
Ang paraan ng pagbabayad ay, kinakailangang dalhin ang Tax Information Notice sa bangko o sa pinakamalapit na Convenience Store o sa City Office o City Hall.

Sakali at mayroong pagbabagong gagawin sa ginagamit na sasakyan sa kasalukuyan, katulad ng paglilipat sa pangalan na nakarehistro, hindi na paggamit o pagsakay sa sasakyan, nawala o nanakaw, pagbabago ng rehistradong parkehan o tigilan ng sasakyan, at kung may planong lumipat ng tirahan sa ibang lalawigan o siyudad mula Ika 1 ng Abril, sa kasalukuyan, hinihiling na gawin ang mga nararapat na pagpoproseso sa mga bagay na nabanggit.